
2

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Musika

## Ikaapat na Markahan–Modyul 1:
## Halina't Umawit




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM


Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

**Musika – Baitang 2**
**Alternative Delivery Mode**
**Quarter 4– Module 1: Halina’t Umawit**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng
Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Cherry Ann C. Santos
**Tagapaglapat:** Cherry Ann C. Santos
**Editor:** Perlita G. Pagdanganan
**Tagasuri:** Agnes R. Bernardo, PhD
Engelbert Agunday, PhD
**Tagaguhit:** Rafael E. Martinez
Romarico C. Sarondo
**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong, PhD
Librada M. Rubio, PdD
Ma. Editha R. Caparas, EdD
Nestor P. Nuesca, EdD
Gregorio C. Quinto, Jr., EdD
Rainelda M. Blanco, PhD
Agnes R. Bernardo, PhD

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.p

# 2

# Musika

## Ikaapat na Markahan–Modyul 1:
## Halina't Umawit

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Musika para sa Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Modyul 1- Halina't Umawit.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Musika para sa Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Modyul 1- Halina't Gumalaw.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahihirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sinoman sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Ang modyul na ito ay naghanda ng mga gawain na makatutulong sa iyo upang makasunod sa tamang tempo ng awitin.


Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakasunod sa tamang tempo ng awitin kung mabagal o mabilis.

## Subukin

Gawin ang sumusunod na hakbang.

1. Awitin ang "Tatlong Bibe" nang mabagal sa simula at mabilis sa bandang gitna hanggang huli.




2. Sumayaw habang inaawit ang awitin ng may mabagal at mabilis na tempo.

# Aralin 1 Halina't Umawit



## *Balikan*

A.Tingnan at kilalanin ang mga  hayop sa larawan. Gayahin ang kanilang mga kilos. Tukuyin kung ang kanilang kilos ay mabagal o mabilis.






B.Tingnan at kilalanin ang mga larawan sa ibaba. Paghambingin ang paggalaw ng dalawang sasakyan.





## *Tuklasin*

Kay sarap sa bukid. Tayo nang mamasyal habang inaawit natin ang "**Si Mang Donald Nasa Bukid"**. Tularan ang galaw ng mga alagang hayop ni Mang Donald. Palitan mo ang mga salitang may salungguhit ng mga salitang nasa bilang 1 hanggang 5.



**Si Mang Donald Nasa Bukid**

Si Mang Donald nasa bukid, E I E I O,
At sa may bukid ay may kambing, E I E I O.
At nag mee mee doon at nag mee mee dito,
Mee dito, at mee doon,
kahit saan ay nag meemee.
Si Mang Donald nasa bukid, E I E I O.

1. baka– moo, moo
2. baboy- oink, oink

3. tupa- baa, baa

4. ibon- twit. twit

5. bibe – quack, quack

Sa awiting "Si Mang Donald Nasa Bukid" maari mo bang tukuyin kung ano ang kilos ng mga hayop? Ito ba mabilis o mabagal?

## *Suriin*

Awitin ang ating pambangsang awit na "Lupang Hinirang".

Gamit ang iyong imahinasyon, pagmasdan natin ang pagkumpas ng guro habang inaawit an gating pambansang awit.



Napansin ba ninyo ang bilis at bagal ng kumpas ng guro habang inaawit an gating Pambangsang Awit?

Ang bilis at bagal ng pag-awit ay maipapakita sa pagkumpas ng mga kamay. Ang mabilis na pagkumpas ay nagpapahayag nang mabilis na pag-awit at ang mabagal na kumpas ay nagpapahayag nang mabagal na pag-awit.

Ating palawakin ang iyong kaalaman sa tempo.

Ang **tempo** ay isang elemento ng musika na tumutukoy sa bilis o bagal ng isang awitin o tugtugin. Maari nating sabayan ng galaw ang tempo ng musika. Mabagal na galaw para na parang pagong  sa mabagal na tempo. Mabilis na galaw na parang kabayo para sa mabilis na tempo.






Mahalaga ang bilis o bagal ng isang awitin dahil naghahatid ito ng emosyon. Ang musikang may mabilis na tempo ay nagpapakita ng positibong emosyon, gaya ng kasiyahan at galak. Samantalang ang musikang may mabagal na tempo ay nagpapahiwatig ng negatibong emosyon, tulad ng kalungkutan, dalamhati, at kasawian.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang tempo?
2. Ang mabilis na tempo ay ng nagpapakita ng ________.
3. Ang mabagal na tempo ay nagpapahiwatig ng ________.



# Pagyamanin

## Gawain 1

Awitin ang awting "Maliliit na Gagamba" ng may mabilis na tempo. Ano ang iyong napansin habang inaawit mo ang awtin?




## Gawain 2

Awitin ang awting "Ako ay May Lobo" ng may mabagal na tempo. Ano ang iyong napansin habang inaawit mo ang awtin?



**Gawain 3**

Awitin ang awting "Sampung mga Darili" ng may mabagal na tempo sa simula at mabilis na tempo mula gitna hanggang sa huli. Ano ang iyong napansin habang inaawit mo ang awtin?





## *Isaisip*

Sa musika ang bilis at bagal ng daloy ng awitin ay tinatawag na ______________.

Ang bilis ng daloy ng tempo ay nag-iiba. Ito ay maaaring ______________ o ________________.

Ang musikang may mabilis na tempo ay nagpapakita ng ____________ emosyon.

Ang musikang may mabagal na tempo ay nagpapahiwatig ng _______________ emosyon.

## Isagawa

Humanap ng kapareha maaaring si Ate o si Kuya. Pumili ng awiting nais ninyong awitin at gawan ng kilos.

Ipakita sa pamamgitan ng pagtatanghal ang kasanayang natutuhan. Lagyan ng ✓ ang rubriks.

1- Napakahusay na naisagawa
2- Mas Mahusay na naisagawa
3- Mahusay na naisagawa

| Kasanayan | 1 | 2 | 3 |
|---|---|---|---|
| 1. Naisagawa ng maayos ang mabilis at mabagal na kilos. | | | |
| 2. Nasabayan ng tama ang tempo ng awitin ayon sa kilos na isinagawa. | | | |
| 3. Natukoy ang mabilis at mabagal na tempo ng awitin. | | | |
| 4. Nakalikha ng akmang kilos sa paglalarawan ng mabilis at mabagal na tempo. | | | |
| 5. Naipakita ang pakikiisa sa pangkatang gawain. | | | |

## Tayahin

Tukuyin kung ang tempo ng awitin. Isulat ang **Kabayo** kung ang tempo ng awitin ay mabilis at **Pagong** kung ang awitin ay mabagal.

1. Maliliit na Gagamba - ____________________
2. Ako ay may Lobo - ____________________

3. Tatlong Bibe - ____________________
4. Tiririt ng Maya - ____________________
5. Si Muning at ang Daga- ____________________

## *Karagdagang Gawain*

Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ito ay elemento ng musika na tumutukoy sa bilis o bagal ng isang awitin o tugtugin.
   a. tempo    c. ritmo
   b. tekstura    d. dynamics
2. Anong emosyon ang ipinapakita ng mabilis na tempo?
   a. malungkot    c. masaya
   b. natatakot    d. nagagalit
3. Ang mabagal na musika ay maaaring lapatan ng ______________ na kilos.
   a. mabagal    c. katamtaman
   b. mabilis    d. mabilis at mabagal
4. Ang tempo ay maihahambing sa ____________ ng mga hayop at tao.
   a. salita    c. isip
   b. kilos    d. kulay
5. Ano ang tempo ng awiting “Kung Ikaw ay Masaya”?
   a. mabagal    c. mahinahon
   b. mabilis    d. mahina

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan/Tuklasin | Suriin/Pagyamanin | Isaisip/Isagawa | Tayahin/KG |
|---|---|---|---|---|
| Malayang Pag-awit at paggalaw | **Balikan**<br>A.Malayang pagsagot at pagpapaliwa nag<br>B.Malayang pagsagot at pagpapaliwa nag<br>**Tuklasin**<br>1. baka-mabilis<br>2. baboy-mabilis<br>3. tupa-mabilis<br>4. ibon-mabilis<br>5. bibe-mabagal<br>6. kambing-mabilis | **Suriin**<br>1. Ang tempo ay isang elemento ng musika na tumutukoy sa bilis o bagal ng isang awitin o tugtugin.<br>2. positibong emosyon<br>3. negatibon g emosyon<br>**Pagyamanin**<br>A. Mabilis ang pag-awit<br>B. Mabagal ang pag-awit<br>C. Mabilis at mabagal na pag-awit | **Isaisip**<br>Tempo, mabagal, mabilis, positibo, negatibo<br>**Isagawa**<br>Pagmamarka ng guro base sa rubriks | **Tayahin**<br>1. pagong<br>2. pagong<br>3. kabayo<br>4. kabayo<br>5. kabayp<br>**Karagdagan g Gawain**<br>1. a<br>2. c<br>3. a<br>4. b<br>5. b |

# *Sanggunian*

Cnavez, John, Rogelio Falcutila, Corazon Flores, and Rhodora Peña. 2013. "Music, Art, Physical Education And Health". K12resources.Files.Wordpress.Com. https://k12resources.files.wordpress.com/2014/02/gr2-mapeh-lm.pdf.

K TO 12 GRADE 2 LEARNING MATERIAL IN MAPEH. LinkedIn SlideShare, March 7, 2014. https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-2-learning-material-in-mapeh.

"LR Portal". 2020. Deped LR Portal. https://lrmds.deped.gov.ph/detail/4825.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 634-1072; 634-1054; 631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph